## Tandaan, ang mga plano ng Medicare ay maaaring magbago sa bawat taon

### Mga Mahalagang Petsa sa Medicare

### Setyembre at Oktubre —Magsuri at maghambing

**Magsuri:** Ang iyong plano ay maaaring magbago. Suriin ang mga patalastas mula sa iyong plano tungkol sa mga pagbabago para sa susunod na taon.

**Maghambing:** Pumunta sa Medicare.gov/plan-compare para malaman at maihambing ang mga plano na tutugon sa mga pangangailangan mo.

### Oktubre 15—Umpisa ng Bukas na Pag-eenrol

Ito ang oras sa taon kung saan ang lahat ng may Medicare ay makakagawa ng mga pagbabago sa kanilang kalusugan at mga plano sa gamot para sa susunod na taon.

**Magpasiya:** Oktubre 15 ang unang araw na makakapagpalit ka ng sakop sa Medicare para sa susunod na taon.

### Disyembre 7—Magtatapos ang Bukas na Pag-eenrol

Sa karamihan ng mga kaso, Disyembre 7 ang huling araw na makakapagpalit ka ng iyong sakop sa Medicare para sa susunod na taon. Kailangang makuha ng plano ang iyong form sa pag-enroll bago ang Disyembre 7.

### Enero 1—Magsisimula ang Sakop

Ang iyong bagong sakop ay mag-uumpisa sa Enero 1 kung nagpalit ka sa isang bagong plano. Kung mananatili ka sa parehong plano, ang alinmang pagbabago sa sakop, mga benepisyo, o mga gastos para sa bagong taon ay magsisimula sa Enero 1.

### Pagsasagawa ng pagbabago sa iyong sakop pagkatapos ng Enero 1

Sa pagitan ng Enero 1–Marso 31, kung ikaw ay nasa Medicare Advantage Plan, maaari mong bitawan ang plano mo at lumipat sa ibang Medicare Advantage Plan na mayroon o walang pagsasaklaw sa gamot, o sa Orihinal na Medicare. Kapag lumipat ka sa Orihinal na Medicare, mayroon kang opsyon para rin sumali sa Medicare drug plan. Ang iyong coverage ay magsisimula sa unang araw ng buwan matapos makuha ng plano ang iyong enrollment form. Sa ilang kaso, maaaring makagawa ka ng mga ibang pagbabago kung kuwalipikado ka sa Special Enrollment Period.

**Medicare.gov**

**1-800-MEDICARE**

**(1-800-633-4227)**

**TTY 1-877-486-2048**

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S..

CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 11220-T (Tagalog)
Revised August 2022



Natapos mo na ba ang iyong

# Taunang Pagsusuri ng Plano ng Medicare?

**Bukas para sa Pag-eenrol sa Medicare**

Oktubre 15– Disyembre 7

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

## Mas mahusay ang Medicare kaysa dati na may mas maraming pagpipilian, mas mababang bayarin, at mas mahusay na mga paraan para makuha ang kailangan mong impormasyon.

Bawat taon ay may mga bagong pagpipilian sa planong pangkalusugan at coverage sa gamot. Tingnan ang kasalukuyan mong pangkalusugan ay gamot na coverage bawat taglagas, at siguruhin na tama pa rin ang plano mo para sa iyo.

At tandaan ding samantalahin ang mga libreng pang-iwas na benepisyo, mga pagsasala sa kanser at mga taunang "Wellness" na pagbisita. I-download ang libreng "What's Covered" mobile app mulasa App Store o Google Play para makakuha ng impormasyon sa pagsasaklaw sa iyong mobile device.

Medicare

## Tama ba sa akin ang plano ko?

### Pinadadali ng Medicare.gov/plan-compare kaysa dati na ihambing ang mga opsyon sa pagsasaklaw at mamili ng mga plano. Maaaring makahanap ka ng mga plano sa lugar mona:

- ✓ Nagkakahalaga ng mas kaunti
- ✓ Sumaklaw sa mga de-reseta mong gamot
- ✓ Hahayaan kang pumunta sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga na gusto mo, tulad ng iyong doktor o parmasya
- ✓ Naghahandog ng mga ekstrang benepisyo na hindi nasasaklawan ng Orihinal na Medicare, tulad ng paningin, pagdinig, dental at higit pa.

### Maaari ka ring makakuha ng:

- ✓ Isang kalkulasyon ng iyong mga gastos na out-of-pocket
- ✓ Mga marka ng kalidad at serbisyo sa parukyano mula sa mga kasalukuyang miyembro ng plano

Kung gusto mong magbago ng mga plano, tumawag sa planong gusto mong salihan. Tutulungan ka rin ng Medicare sumali—online, ikaw mismo, o sa telepono. **Kung nasisiyahan ka na ang iyong kasalukuyang sakop ay tutugon sa mga pangangailangan mo sa susunod na taon, hindi mo kailangang gumawa ng kahit ano.**

**Tandaan,** sa panahon ng Medicare Open Enrollment, maaari kang magpasyang manatili sa Orihinal na Medicare o sumali sa Medicare Advantage Plan. Kung nasa isang Medicare Advantage Plan ka na, maaari mong gamitin ang Open Enrollment para bumalik sa Orihinal n a Medicare.

## 4 na paraan para makakuha ng tulong:

1. **Pumunta sa Medicare.gov/plan-compare** o matutunan ang tungkol sa at ipaghambing ang mga opsiyon at mamili para sa mga planong pangkalusugan at gamot.
2. **Tingnan ang iyong pinakabagong libreta ng "Medicare & You"** upang makita ang listahan ng mga plano sa iyong lugar. Suriin ang anumang impormasyon na makukuha mo sa iyong kasalukuyang plano, kasama na ang sulat na "Annual Notice of Change".
3. **Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-877-486-2048.** Kung kailangan mo ng tulong sa wika maliban sa Ingles o Espanyol, hayaang malaman ng kinatawan ng serbisyo sa parokyano ang wika.
4. **Tawagan ang iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP) para makakuha ng libreng, pinasadyang pagpapayo sa pangkalusugang insurance.** Pumunta sa shiphelp.org, o tumawag sa 1-800-MEDICARE para makuha ang numero ng telepono para sa estado mo.

## Paano ako makakakuha ng tulong para bayaran ang Medicare na coverage sa gamot?

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng mga premium at ibang gastos ng Medicaremo, pumunta sa Medicare.gov para malaman ang tungkol sa Medicare Savings Programs at mga ibang programa na makakatulong sa iyong makatipid.

Kung kakaunti ang iyong kita at mga pinagkukunan, maaari kang maging kuwalipikado para sa "Ekstrang Tulong" upang mabayaran ang iyong mga gastos sa de-resetang gamot. Bumisita sa ssa.gov/i1020 upang makapag-aplay sa online. Maaari ka ring tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-800-325-0778.

CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES